U.S. ELECTION ASSISTANCE COMMISSION

# GABAY PARA SA BOTANTE

## Sa Halalang Pederal




**SEPTEMBER 2011**



# GABAY PARA SA BOTANTE
## sa Halalang Pederal

Layon ng U.S. Election Assistance Commission (EAC) na gabayan ang botante sa proseso ng halalaan, mula pagrehistro hanggang sa pagboto sa Araw ng Eleksyon. Bukod sa pagkakaloob ng mga batayang proseso sa pagboto, nakasaad din sa gabay na ito ang mga impormasyon hinggil sa sino ang kuwalipikadong bumoto, maagang pagboto, iba't ibang paraan ng pagrehistro at proseso para sa mga mamamayang nasa ibang bansa at botanteng nasa serbisyo ng sandatahang lakas ng bansa, at akomodasyon sa botohan na mas nagpapadali sa lahat ng mga botante.

## KARAPAT-DAPAT BA AKONG BUMOTO?

Upang maging kuwalipikado na bumoto, kailangan na ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos. Sa karamihang mga Estado, ikaw ay dapat na may edad na 18 taong gulang para makaboto. Gayunman, sa ilang mga Estado, pinahihintulutang bumoto ang mga 17 taong gulang sa primarya na nauuna sa halalan ng Nobyembre, na kung saan sila ay may edad nang 18 taong gulang. Ang abwat Estado ay may kani-kanilang mga kinakailangan upang maitakda ang pagka-residente para makaboto. Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa mga kinakailangan sa bawat Estado, makipag-ugnayan sa inyong State o local election office. Nakasaad din sa National Mail Voter Registration Form ang mga kinakailangan sa bawat Estado. *(Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang listahan ng mga Mapagkukunan ng Impormasyon.)*



## PAANO AKO MAGPAPAREHISTRO PARA MAKABOTO?

Maaari kang pumili mula sa iba't ibang paraan ng paga-apply para sa rehistrasyon ng botante.

### Pagrerehistro para makaboto sa pamamagitan ng koreo

Maaari kang magpalista bilang botante sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagpapadala sa koreo ng National Mail Voter Registration Form.[1] Sa bahaging "State Instructions" ng National Mail Voter Registration Form, nakasaad ang impormasyon kung saan ipapadala ang form sa iyong Estado. Maaari rin gamitin ang form na ito upang ipagbigay-alam sa voter registration office ang pagpalit ng pangalan o tirahan, o kaya'y para magparehistro sa partidong pulitikal, kung ito'y hinihingi ng iyong Estado. Maaaring ma-download ang National Mail Voter Registration Form mula sa Web site ng EAC sa www.eac.gov/NVRA. Maaari ka rin magparehistro para makaboto sa pamamagitan ng voter registration form ng Estado kung saan ka naninirahan. Ang National Mail Voter Registration Form at ang State voter registration form ay maaari din makuha sa mga pampublikong aklatan, pampublikong paaralan, at mga tanggapan ng lungsod o county clerk.

### Pagpaparehistro upang makaboto nang personal

Maaari kang mag-apply para magparehistro upang makaboto nang personal sa mga sumusunod na pampublikong pasilidad:

- Sa tanggapan ng Estado o local voter registration o election office
- Sa Department of Motor Vehicles
- Sa mga ahensyang tumutulong sa publiko
- Sa mga recruitment center ng armed services
- Sa mga programa na tumutulong sa mga taong may kapansanan
- Sa anumang ahensyang pampubliko na inatasang magsilbi bilang tanggapan ng voter registration.

[1] Hindi tinatanggap sa North Dakota, Wyoming, at mga U.S. territories (American Samoa, Guam, Puerto Rico, at U.S. Virgin Islands) ang form na ito. Sa New Hampshire, tinatanggap lamang ito bilang isang kahilinga para sa mail in na registration form ng hindi makakarating na botante.

### Pagrerehistro para makaboto online

Sa ilang Estado, pinahihintulutan na ngayon ang mga mamamayan na magparehistro online. Upang malaman kung naghahandog ng online pagrerehistro sa botante, mangyari lamang na makipag-ugnayan sa inyong Estado o lokal na election office.*(Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang listahan ng mga Mapagkukunan ng Impormasyon.)*

## KAILAN AKO DAPAT MAGPAREHISTRO UPANG MAKABOTO?

Para matanggap bilang botante, dapat kang magparehistro bago sumapit ang huling araw o oras ng pagsusumite na itinakda ng iyong Estado para sa pagpaparehistro ng mga botante. Ang bawat isang Estado ay may sariling huling araw o oras ng pagsusumite sa pagrehistro. Matatagpuan ang impormasyong ito sa bahaging “State Instructions” ng National Mail Voter Registration Form at sa www.eac.gov/NVRA, o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong sa State o local election office. Maraming mga Estado ang may online na tool upang mapahintulutan ang mga botante na alamin ang status ng kanilang pagrehistro, sakaling hindi sila sigurado kung sila ay rehistrado o hindi.

**MAHALAGA: Makipag-ugnayan sa inyong State o local election office nang di lalampas sa pitong (7) linggo bago ang eleksyon para malaman kung kayo ay rehistrado para makaboto, at ano ang dapat gawin kung hindi kayo rehistrado. Mahalagang malaman ito bago umabot sa deadline at habang may panahon pa para makapagrehistro.**

## MAY MGA NATATANGING KAHILINGAN BA PARA SA MGA BAGONG BOTANTE?

Kung ikaw ay nagparehistro sa koreo, nakasaad sa batas Pederal na kinakailangan magpakita ng proof of identification kung ikaw ay boboto sa kauna-unahang pagkakataon. Ang proof of identification ay anuman sa mga sumusunod (o kung pagpaparehistro sa koreo, isang KOPYA ng anuman sa sumusunod):

- isang kasalukuyang identification o ID card na may litrato; o

- isang kasalukuyang bill sa utility (tulad ng kuryente, tubig o telepono), bank statement, tseke mula sa pamahalaan, tseke ng sweldo o anumang dokumento mula sa pamahalaan na nagpapakita ng pangalan at tirahan mo.

Ayon sa batas Pederal, hindi ka na hihingan ng proof of identification sa lugar kung saan ka boboto o kung ikaw ay boboto sa pamamagitan ng koreo, kung (1) nagpadala ka ng MGA KOPYA ng proof of identification kalakip ng iyong voter registration form; (2) nagawa ng iyong State o local election official na ipagtugma ang numero ng driver's license number o Social Security na inilagay mo sa voter registration application sa nakalistang Federal o state identification record, pati na ang pangalan at petsa ng kapanganakan; o (3) ikaw ay nararapat, ayon sa batas Pederal, na bumoto sa pamamagitan ng absentee ballot.

### Alam Mo Ba...?

*Sa ilang Estado, hinihingan ang botante ng identification kahit na naisumite na niya ang mga kailangang proof of identification na kailangan para makapagparehistro. Sakop nito ang lahat ng mamayan sa Estado, at kung wala kang maipakitang identification ay bibigyan ka ng "provisional" o pansamalantalang balota. Makipag-ugnayan sa iyong State o local election office para sa karagdagang impormasyon hinggil sa mga kahilingan sa voter identification.* (Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang listahan ng mga mapagkukunan ng impormasyon.)

## ANO ANG MAAGANG PAGBOTO?

May ilang Estadong nagpapahintulot ng pagboto bago ang Araw ng Eleksyon. Sa pinakamalawak na kahulugan nito, ang maagang pagboto ay yaong isinasagawa bago ang takdang Araw ng Eleksyon. Pumupunta ang mga botante sa election office sa kanilang lugar, o sa takdang lugar ng pagboto o paghulog ng balota o "drop site" para personal na kumpletuhin at ihulog ang balota.

Ang araw at oras ng maagang pagboto ay tinatakda ng bawat Estado. Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa kung nagsasagawa ng maaga pagboto sa iyong Estado, makipag-ugnayan sa State o local election office. *(Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang listahan ng mga mapagkukunan ng impormasyon.)*

## ANO ANG ABSENTEE VOTING?

Ang mga botante na hindi makakapagboto sa takdang lugar at araw ay papayagang bumoto sa pamamagitan ng absentee ballot. May kani-kanyang alituntunin ang bawat Estado hinggil sa absentee voting. Halimbawa, sa ilang Estado pinapayagan lamang ito sa mga kadahilanang nakasaad sa batas, tulad ng sakit o dahil wala ang botante sa lugar kung saan siya dapat bumoto sa Araw ng Eleksyon. Sa ibang Estado naman, hindi kailangan ang anumang dahilan para maghulog ng absentee ballot.

Ang bawat Estado ay may sariling huling araw o oras sa paghingi at pagsumite ng mga absentee ballot. Kung kakailanganin mong bumoto bilang absentee, makipag-ugnayan kaagad sa iyong State o local election office upang alamin kung ikaw ay nararapat bigyan ng absentee ballot at para masiguro na aabot ka sa deadline para sa paghingi at pagsumite ng absentee ballot. *(Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang listahan ng mga mapagkukunan ng impormasyon.)*

Bukod dito, ayon sa batas Pederal, ang mga botanteng tumutugon sa ilang pamantayan ay nararapat na bumoto sa pamamagitan ng absentee ballot sa eleksyong Pederal. Kasama sa mga batas Pederal na ito ang Voting Rights Act, Uniformed and Overseas Citizens Absentee Voting Act, at Voting Accessibility for the Elderly and Handicapped Act.

**MAHALAGA: Matapos hingin at matanggap ang inyong absentee ballot, basahin nang masinsinan ang mga utos para maiwasan ang mga pagkakamali na maaring magresulta sa hindi pagbilang sa iyong balota. Siguruhing isinulat mo ang iyong pangalan sa takdang bahagi ng balota. Kung ibabalik mo ang balota sa pamamagitan ng koreo, siguruhing may sapat na halaga ng selyo ang iyong sobre para maiwasan ang pagkaantala sa paghatid ng inyong balota.**




## SAAN AKO BOBOTO –
## SAANG LUGAR AKO NAKATALAGANG BUMOTO?

Ang mga botante ay itinatalaga sa mga lugar ng pagboto, depende sa tirahan na nakalista sa voters registration record. Di bababa sa dalawa ang mga Estadong nagsasagawa ng eleksyon sa pamamagitan ng koreo lamang, at dahil dito, walang mga lugar ng pagboto sa mga Estadong ito. Maaari din ihulog ang balota sa mga "drop site" na nakakalat sa mga Estadong ito. Upang malaman kung saan ka dapat bumoto o maghulog ng balota, makipag-ugnayan sa State o local election office, o di kaya'y puntahan ang Web site nito na maaring may kakayanang ituro ang lokasyon ng lugar kung saan ka dapat bumoto. *(Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang listahan ng mga mapagkukunan ng impormasyon.)*

**MAHALAGA: Tuwing lilipat ng tirahan, ipagbigay-alam ito upang maitala ang bagong address sa voter registration information.**

## ANO ANG PANSAMANTALANG PAGBOTO O PROVISIONAL VOTING?

Kung may mga alinlangan hinggil sa karapatan ng isang mamamayan sa pagboto, siya ay bibigyan muna ng pansamantalang balota sa lugar kung saan boboto siya sa eleksyong Pederal. Ngunit kailangan tiyakin niyang siya'y karapat-dapat at rehistradong bumoto sa lugar na iyon. Bibilangin lamang ang pansamantala o provisional na balota kapag napatunayan na karapat-dapat bumoto ang nasabing botante, ayon sa batas ng Estado. Ilan sa mga dahilan para mabigyan ng pansamantala o provisional na balota ang isang botante ay mga sumusunod:

1. Wala ang kanyang pangalan sa opisyal na listahan ng lugar na kaniyang kinabibilangan.
2. May pag-alinlangan pa sa karapatan ng botante, batay sa batas ng Estado.
3. May utos ang korte na magbigay ng pansamalanta o provisional na balota.
4. May utos ang korte na patagalin ang oras ng pagboboto.
5. Inuutos ng Estado ang pagbibigay ng pansamalanta o "provisional" na balota.

Kung hindi ka nakapagbigay ng identification na kailangan para mapakapahrehistro batay sa batas Pederal, at hindi ka rin nakapagbigay nito sa lugar ng pagboto sa Araw ng Eleksyon, maari kang bigyan ng pansamantalang balota.

### Alam Mo Ba…?

*Ayon sa batas Pederal, kailangang magtakda ang mga Estado ng paraan para malaman ng mga botante ang status ng kanilang pansamantala o provisional na balota. Ito ay mga libreng paraan o "free access system" sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free na numero o di kaya'y sa pamamagitan ng Internet. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa State o local election office.* (Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang listahan ng mga mapagkukunan ng impormasyon.)

## ANO ANG PROSESO PARA SA MGA TAUHANG NAKA-UNIPORME AT MGA MAMAYANG NASA IBANG BANSA?

Ang mga tauhan ng militar at mga mamayang nasa ibang bansa ay makakapagrehistro para bumoto sa pamamagitan ng Web portal ng Federal Post Card Application (FPCA), na matatagpuan sa Web site ng Federal Voting Assistance Program (FVAP) sa www.fvap.gov. Doon ay may detalyadong gabay para sa mga tauhan ng sandatahang lakas at mga mamamayang nasa labas ng bansa. Tinatanggap ng lahat ng Estado at teritoryo ang FPCA bilang application para sa pagrehistro, at para sa absentee ballot. Depende kung saang Estado ka nakatira, puwedeng isumite ang FPCA na iyong nakumpleto sa pamamagitan ng e-mail, fax, o sa koreo. Kung sa koreo ipapadala ang FPCA, ilagay ito sa sobre na may wastonh selyo o di kaya sa prepaid na sobre ng FVAP. Alamin sa www.fvap.gov kung paano ibabalik ang iyong form.

Kung ikaw ay rehistradong botante, puwede ka pa ring gumamit ng FPCA para humingi ng balota, at mas mainam na gawin ito nang maaga sa taon kung kailan idadaos ang halalang Pederal. Sa mga embahada ng America, mga base militar at mga tanggapang consular nito ay makakakuha ng kopya ng FPCA. May mga tauhan ding nakatalaga sa mga tanggapang ito para tumulong sa usaping eleksyon o pagboto. Kung kailangan mo ng tulong hinggil sa proseso ng absentee voting, pumunta sa Web site ng FVAP sa www.fvap.gov, o tawagan ang FVAP sa (703) 588–1584 (toll free [800] 438–VOTE; puwede din gamitin ang toll free sa 70 bansa sa pamamagitan ng www.fvap.gov/contact/tollfreephone.html), o kaya's magpadala ng e-mail sa vote@fvap.gov.

Maaari ding humiling ang mga tauhan ng militar at mga mamamayang nasa labas ng bansa ng electronic transmission ng blankong voting materials.

Kung ang isang lugar o jurisdiction ay namamahagi ng mga materyal para sa pagboto, dapat ipadala ang mga ito nang hindi lalampas sa 45 araw bago ang Araw ng Eleksyon, para mabigyan ng panahon ang pagpapadala, at pagbalik sa mga balotang nakumpleto na.

## MADALI BA PARA SA MGA MAY KAPANSANAN ANG BUMOTO?

Karamihan sa mga lugar kung saan idinadaos ang halalan ay dinisenyo para maging madali para sa lahat ang proseso ng pagboto, kabilang na ang mga may kapansanan. Ang mga lugar na ito ay may paradahan na nakalaan para sa mga may kapansanan, mga pasukan at labasan na may mga rampa at mga daanan at mga karatulang nagtuturo ng kinaroroonan ng mga lugar ng pagboto.

Ang mga pook o lugar ng pagboto ay dapat mayroong mga kagamitan para sa mga taong may kapansanan, kasama na ang mga bulag. Ang mga kagamitan na ito'y dapat nakakapagpadali sa proseso, habang pinananatiling lihim ang pagboto at hinahayang magpasya sa sarili ang botante, gaya ng karaniwang mamamayan.

Para sa mga tanong hinggil sa mga gamit at pasilidad para sa mga taong may kapansanan, makipag-ugnayan sa kinauukulang State o local election office. *(Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang listahan ng mga mapagkukunan ng impormasyon.)*



## MAY IPINAGKAKALOOB BANG TULONG SA WIKA?

Inuutos ng Voting Rights Act ang ilang takdang lugar na magbigay ng mga impormasyong hinggil sa pagboto sa iba't ibang wika, hindi lamang sa Ingles. May mga lugar na kusang nagbibigay ng tulong sa usaping ito. Kabilang sa tulong na maasahan ay mga materyal (tulad ng balota at mga alituntunin sa pagboto) sa iba't ibang wika, pagtatalaga ng mga tauhang nakakapagsalita ng ibang wika, at pagbigay ng impormasyon online sa mga ibang wika, maliban sa Ingles. Makipag-ugnayan sa State o local election office hinggil sa tulong sa wika. *(Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang listahan ng mga mapagkukunan ng impormasyon.)*

### Alam Mo Ba…?

*Nakalathala sa Web site ng U.S. Election Assistance Commission ang impormasyon para sa mga botante sa wikang Ingles, Chinese, Hapones, Koreano, Espanyol, Tagalog, at Vietnamese. Ang National Mail Voter Registration Form ay makukuha sa mga nabanggit na wika bilang tulong sa botante at mga opisyal ng eleksyon. Gumawa din ang EAC ng interactive na glosaryo ng mga terminong ginagamit sa eleksyon, at ito'y mababasa sa www.eac.gov. Naglabas din ang EAC komprehensibong glosaryo ng mga salita ukol sa eleksyon sa anim na wika. Ang "Voter's Guide to Federal Elections" ay mababasa sa salitang Ingles, Cherokee, Chinese, Dakota, Hapones, Koreano, Navajo, Espanyol, Tagalog, Vietnamese at Yup'ik.*

## MAAARI BA AKONG HUMINGI NG TULONG SA PAGBOTO?

Ayon sa batas Pederal, ang mga botanteng may kapansanan at may kakulangan sa pagbasa at pagsulat ay pahihintulutang magsama ng kaibigan o kamag-anak na tutulong sa kanila sa pagboto.[2] Maaring

[2] Ayon sa batas Pederal, bawal tumanggap ng tulong ang isang botante mula sa kanyang amo o employer, o sa ahente nito, o mula sa opisyal o ahente ng unyon ng mga botante.

tumulong ang isang poll worker o tauhan sa halalan. May nakasaad sa mga batas ng Estado hinggil sa usapin ng tulong na maaring makuha sa pagboto, kaya't siguruhing makipag-ugnayan sa State o local election office para sa karagdagang impormasyon.

Ang mga bagong botante o mga boboto sa unang pagkakataon, mga may kapansanan, at mga botante sa mga lugar na gagamit ng bagong kasangkapan ay maaring mabigyan ng tulong sa paggamit ng kasangkapan sa pagboto. Magpatulong lamang sa poll worker. Nakaantabay sila para magbigay ng tulong sa paggamit ng kasangkapan.

### Alam Mo Ba…?

*Sa ilang Estado, nagbibigay ng tulong ang mga poll worker sakaling hindi makababa ng kotse ang botante. Ang tawag dito ay "curbside voting" o pagboto sa tabi ng daan. Sa "curbside voting," ihahatid ng poll worker sa kotse ng botante ang lahat ng materyal, kasama na ang balota. Makipag-ugnayan sa State o local election office para malaman kung may serbisyong "curbside voting" sa inyong lugar, at para sa impormasyong kung sino ang maaring mabigyan nito.*

## PAANO AKO MAG-UULAT NG PROBLEMA O MAKAPAGSASAMPA NG REKLAMO?

Kung magkaroon kang problema sa pagboto, maaari kang magsampa ng reklamo. Alamin mula sa State o local election office ang proseso ng pagreklamo. Maaari ka din magsampa ng reklamo sa U.S. Department of Justice sa (888) 736–5551 o ipadala ito bilang email sa voting.section@usdoj.gov. *(Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang mga mapagkukunan ng impormasyon.)*

## PAANO AKO MAAARING MAGING ISANG POLL WORKER?

Mahalaga ang mga poll worker sa pagtiyak na patas, maayos at wasto ang halalan. Sila ang namamahala sa lugar ng pagboto sa pamamagitan ng pagkabit ng kasangkapan sa pagboto, pagberipika na rehistrado ang mga botante, at pamamahagi ng mga balota o pagturo sa mga botante ng wastong paggamit ng sistema ng pagboto. Sa pagtatapos ng halalan, ang mga poll worker ang magsasara ng lugar na pinagbotohan, maghahanda ang mga gamit na dadalhin sa central election office, at magsusumite ng resulta ng halalan sa kanilang lugar.

Ang mga poll workers ay karaniwang mga botanteng nakarehistro sa county o Estado kung saan nais nilang manilbihan. Sa ilang Estado, pinahihintulang manilbihan bilang poll worker ang mga estudyante sa kolehiyo o high school, kahit hindi sila rehistrado sa lugar na iyon.

Para sa karagdagan kaalaman hinggil sa pagiging isang poll worker, makipag-ugnayan sa State o local election office. (Tingnan sa dulo ng gabay na ito ang mga mapagkukunan ng impormasyon.)

## Tungkol sa U.S. Election Assistance Commission (EAC)

Ang lathalaing ito ay inihanda ng EAC, isang nagsasariling tanggapan ng pamahalaang itinatag ng Help America Vote Act (HAVA) ng 2002. Ang EAC ay inatasang magbalangkas ng mga gabay na kailangan sa pagpapatupad ng HAVA, paggawa ng alituntunin sa voluntary voting system, at siyang nagsisilbing daluyan at tagapaglinaw ng mga impormasyon tungkol sa pamamahala sa halalan. Ang EAC din ang nagtatalaga ng mga laboratoryo na sumusubok at nagpapatunay sa mga sistemang panghalalan, pagsusuri at pagsisiyasat sa paggamit ng pondo ng HAVA, at pangangalaga ng National Mail Voter Registration Form na inilabas kaugnay ng National Voter Registration Act ng 1993.




# MGA PAGKUKUNAN NG KAALAMAN

## CHECKLIST NG BOTANTE—MGA DAPAT GAWIN BAGO DUMATING ANG ARAW NG HALALAN

- ❑ Ilang linggo bago ang Araw ng Halalan, tiyaking ikaw ay rehistrado para bumoto. Kung nagbago ang iyong pangalan, tirahan o kasapiang pampulitika, tiyaking naiwasto ang impormasyong ito sa iyong voter registration.
- ❑ Alamin kung paano at kailan dapat humingi ng absentee ballot kung sakaling hindi ka makakaboto sa takdang lugar ng pagboto sa Araw ng Eleksyon.
- ❑ Alamin ang mga maaring pagpilian hinggil sa maagang pagboto.
- ❑ Bago bumoto, alamin muna ang mga kailangan para sa voter identification sa iyong Estado.
- ❑ Alamin kung saang lugar ka dapat bumoto at kung paano makakarating doon.
- ❑ Kilalanin ang paraan o kagamitan sa pagboto sa iyong lugar. Alamin kung paano mapapadali, para sa mga botanteng may kapansanan, ang paggamit nito.
- ❑ Alamin kung ano ang nakahandang tulong sa wika, maliban sa Ingles.
- ❑ Alamin kung anong oras nagbubukas at nagsasara ang lugar ng botohan.
- ❑ Kilalanin ang mga kandidato at mga isyung nasa balota.
- ❑ Pag-isipang maging isang poll worker sa iyong lugar. Tawagan ang local election office para malaman ang mga kahilingan para maging poll worker.

## MGA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON NG BOTANTE

**U.S. Election Assistance Commission:** Isang ahensya na komprehensibong impormasyon tungkol sa mga proseso sa panghalalang Pederal. Ang mga mamamayan ay makakapagrehistro sa pamamagitan ng pag-download ng National Mail Voter Registration Form mula sa Web site www.eac.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa (866) 747–1471.

**Federal Voting Assistance Program:** Pagkukunan ng impormasyon ng mga tauhan ng militar at mga mamayang nasa ibang bansa, kabilang ang Federal Post Card Application para sa mga mamamayang naninirahan sa ibang bansa. Tel.: (800) 438–8683 / Web site: www.fvap.gov

**U.S. Department of Justice:** Pagkukunan ng impormasyong hinggil sa karapatang bumoto. Tumawag sa Voting Section para magsumbong ng problema kaugnay ng pagkuha ng balota, tulad ng diskriminasyon sa mga botante, sa numerong (800) 253–3931. Hinggil naman sa pandaraya o pananakot, tumawag sa pinakamalapit na tanggapan ng Federal Bureau of Investigation o sa inyong lokal na U.S. Attorney's Office. Maaari ring maghain ng reklamo sa State o local election na opisyal. Tel.: (202) 514–2000 / Web site: www.usdoj.gov

**Federal Election Commission:** Ahensyang daluyan ng impormasyon ukol sa pondo ng kampanyang Pederal. Tel.: (800) 424–9530 / Web site: www.fec.gov

# TANGGAPAN NG HALALAN SA ESTADO

## Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

**bago hanggang sa petsang Setyembre 1, 2011*

ALABAMA
Tel.: (800) 274–8683
Web site: www.sos.state.al.us/elections

ALASKA
Tel.: (907) 465–4611
Web site: www.elections.alaska.gov

AMERICAN SAMOA
Tel.: (684) 699–3570
Web site: www.americansamoaelectionoffice.org

ARIZONA
Tel.: (602) 542–8683
Web site: www.azsos.gov/election

ARKANSAS
Tel.: (800) 482–1127
Web site: www.sosweb.state.ar.us/elections

CALIFORNIA
Tel.: (800) 345–VOTE
Web site: www.sos.ca.gov/elections

COLORADO
Tel.: (303) 894–2200
Web site: www.elections.colorado.gov

CONNECTICUT
Tel.: (860) 509–6100
Web site: www.ct.gov/sots

DELAWARE
Tel.: (302) 739–4277
Web site: www.elections.delaware.gov

DISTRICT OF COLUMBIA
Tel.: (202) 727–2525
Web site: www.dcboee.org

FLORIDA
Tel.: (866) 308–6739
Web site: http://election.dos.state.fl.us

GEORGIA
Tel.: (404) 656–2871
Web site: www.sos.ga.gov/elections

GUAM
Tel.: (671) 477–9791
Web site: http://gec.guam.gov

HAWAII
Tel.: (808) 453–8683
Web site: http://hawaii.gov/elections

IDAHO
Tel.: (208) 334–2852
Web site: www.idahovotes.gov

ILLINOIS
Tel.: (217) 782–4141 (Springfield)
Tel.: (312) 269–7960 (Chicago)
Web site: www.elections.state.il.us

INDIANA
Tel.: (317) 232–3939
Web site: www.in.gov/sos/elections

IOWA
Tel.: (515) 281–0145
Web site: www.sos.state.ia.us/elections

KANSAS
Tel.: (800) 262–8683
Web site: www.kssos.org/elections/elections.html

KENTUCKY
Tel.: (502) 564–3490
Web site: www.elect.ky.gov

LOUISIANA
Tel.: (800) 883–2805
Web site: www.geauxvote.com

MAINE
Tel.: (207) 624–7736
Web site: www.maine.gov/sos/cec/elec

MARYLAND
Tel.: (800) 222–8683
Web site: www.elections.state.md.us

MASSACHUSETTS
Tel.: (800) 462–8683
Web site: www.sec.state.ma.us/ele/eleidx.htm

MICHIGAN
Tel.: (517) 373–2540
Web site: www.michigan.gov/vote

MINNESOTA
Tel.: (877) 600–8683
Web site: www.sos.state.mn.us

MISSISSIPPI
Tel.: (800) 829–6786
Web site: www.sos.ms.gov/elections.aspx

MISSOURI
Tel.: (800) 669–8683
Web site: www.sos.mo.gov/elections

MONTANA
Tel.: (888) 884–8683
Web site: http://sos.mt.gov/elections

NEBRASKA
Tel.: (402) 471–2555
Web site: www.sos.ne.gov

NEVADA
Tel.: (775) 684–5705
Web site: http://sos.state.nv.us/elections

NEW HAMPSHIRE
Tel.: (603) 271–3242
Web site: www.sos.nh.gov/electionsnew.html

NEW JERSEY
Tel.: (609) 292–3760
Web site: www.njelections.org

NEW MEXICO
Tel.: (800) 477–3632
Web site: www.sos.state.nm.us/sos-elections.html

NEW YORK
Tel.: (800) 367–8683
Web site: www.elections.state.ny.us

NORTH CAROLINA
Tel.: (866) 522–4723
Web site: www.sboe.state.nc.us

NORTH DAKOTA
Tel.: (800) 352–0867
Web site: www.nd.gov/sos/electvote

OHIO
Tel.: (877) 767–6446
Web site: www.sos.state.oh.us/sos/elections.aspx

OKLAHOMA
Tel.: (405) 521–2391
Web site: www.ok.gov/~elections

OREGON
Tel.: (503) 986–1518
Web site: www.sos.state.or.us/elections

PENNSYLVANIA
Tel.: (717) 787–5280
Web site: www.votespa.com

PUERTO RICO
Tel.: (787) 758–3333
Web site: www.ceepur.org

RHODE ISLAND
Tel.: (401) 222–2345
Web site: www.elections.state.ri.us

SOUTH CAROLINA
Tel.: (803) 734–9060
Web site: www.scvotes.org

SOUTH DAKOTA
Tel.: (605) 773–3537
Web site: www.sdsos.gov

TENNESSEE
Tel.: (877) 850–4959
Web site: www.tennessee.gov/sos/election

TEXAS
Tel.: (800) 252–8683
Web site: www.sos.state.tx.us/elections

U.S. VIRGIN ISLANDS
Tel.: (877) 773–1021 (St. Croix)
Tel.: (877) 774–3107 (St. Thomas | St. John)
Web site: www.vivote.gov

UTAH
Tel.: (800) 995–8683
Web site: www.elections.utah.gov/voterinformation.html

VERMONT
Tel.: (802) 828–2464
Web site: http://vermont-elections.org

VIRGINIA
Tel.: (800) 552–9745
Web site: www.sbe.virginia.gov

WASHINGTON
Tel.: (800) 448–4881
Web site: www.secstate.wa.gov/elections

WEST VIRGINIA
Tel.: (304) 558–6000
Web site: www.sos.wv.gov/elections

WISCONSIN
Tel.: (866) 868–3947
Web site: http://gab.wi.gov

WYOMING
Tel.: (307) 777–7186
Web site: http://soswy.state.wy.us/elections/elections.aspx



U.S. Election Assistance Commission
1201 New York Ave, NW • Suite 300 • Washington • DC 20005
866–747–1471 (toll free) • HAVAinfo@eac.gov • www.eac.gov